



BUREAU OF FIRE PROTECTION



Fire safety
PARAAN PARA MAKAIWAS
in the home
NG SUNOG SA TAHANAN



ROGELIO F. ASIGNADO, CESO IV
CHIEF SUPT
OFFICER IN CHARGE
BFP

SUNOG: AYAW KO.

Pro

SAFE

(Promotion Of safety against fire emergencies)

...SAMA TAYO

Contents

- How to prevent fire in your home?** 4
(Paano maiiwasan ang sunog sa loob tahanan?)
- Plan your escape route**10
(Paghahanda ng inyong daan sa paglabas sa nasusunog na tahanan)
- What to do if a fire starts?**11
(Ano ang mga dapat gawin kung may sunog?)
- What to do if you are trapped in a fire?**14
(Ano ang dapat gawin kung kayo ay nakulong sa loob ng nasusunog na tahanan?)
- Further information, help and advice** 15
(Iba pang impormasyon, tulong at payo)

Fire safety - advice for all

Iwas sunog - payo sa lahat


Every year, more than 100 Filipinos die in home fires. Thousands more suffer with the loss of house and valuables while hundreds are injured by fire.

Taun-taon, mahigit sa 100 pilipino ang namamatay dahil sa sunog na karaniwang nagmumula sa tahanan. Libu-libo ang nawawalan ng tahanan at mga mahahalagang kagamitan samantalang daan-daan naman ang nagkakaroon ng kapansanan dahil sa sunog.



If a fire occurs in your home, your chances of survival will depend on how quickly and safely you are able to get out. This booklet gives you advice on how to prevent a fire, and how to protect yourself should one occur.

Kung ang sunog ay nagsimula sa inyong tahanan, ang inyong kaligtasan ay nakasalalay sa kung gaano kabilis at kaingat kayo makakalabas sa pinagmulan ng sunog. Ang babasahing ito ay magbibigay sa inyo ng mga payo kung paano maiwasan ang sunog at paano mapangangalagaan ang inyong sarili kung may sunog.



I. How to prevent fire in your home?

Paano maiwasan ang sunog sa tahanan?

Almost all fires in the home can be prevented. Here are some fire safety tips which could help prevent a fire in your home.

Lahat ng sunog sa tahanan ay maiwasan. Ang mga sumusunod ay ilang paalala na makatutulong kung paano maiwasan ang sunog sa inyong tahanan.

At Home

SA TAHANAN

1. Put phone numbers of fire department near phone.

Ipaskil malapit sa telepono ang mga numero ng Bureau of Fire Protection.

2. Eliminate fire hazards through good housekeeping. Dispose waste paper, rubbish, and other flammable materials regularly.

Alisin ang mga bagay na maaring pagmulan ng sunog. Ugaliing itapon ang mga kalat na papel, goma, at iba pang mga bagay na madaling masunog o magliyab.

3. Keep matches out of children's reach.


Itabi at itaas ang posporo sa isang lugar na di kayang abutin ng bata.

4. Oil or gas lamps and candles should be placed away from curtains. Do not put them where the wind, children or pets may topple them. Put out the flame before going to bed.

Ilayo ang ilawang gasera at mga kandilang may sindi sa mga kurtina. Patayin ang ilawang gasera at kandila bago matulog.

5. Do not keep flammable materials like gasoline, alcohol, and paint inside the house.

Ang mga bagay na madaling masunog at magliyab tulad ng gasolina, alokohol at pintura ay dapat ilagay sa labas ng bahay.



6. Regularly check your electrical installations, and have all frayed wirings and electrical fixtures changed or repaired by a licensed electrician
Ugaliing tingnan ang mga instalasyon ng kuryente at ayusin ang mga sirang saksakan o ipagawa sa lisensyadong elektrisyan.

7. Do not overload electrical circuits by putting additional lights and appliances
Huwag hayaang mapuno ang mga saksakan ng kuryente dahil sa pagdagdag ng mga ilaw at kagamitan sa bahay.

8. Blown fuses should not be replaced with coins, wires, or any metal.

Ang pumutok na fuse ay di dapat palitan ng alambre o kahit anong metal na bagay.

9. Never leave a lit cigarette/cigar/pipe unattended - it may fall on flammable materials which could start a fire.

Huwag iwanang nakasindi ang sigarilyo at pipa ito ay maaaring mahulog sa mga bagay na madaling pagmulan ng sunog.

10. Keep a first aid kit in handy.

Ugaliing magtabi ng First-Aid Kit sa bahay.





In the kitchen

Sa kusina

Fryers

MGA KAWALI

These are some of the most common causes of fire in the home, but if you follow some simple guidelines, you'll keep your kitchen safe.

Ang mga ito ang madalas na pinagmumulan ng sunog sa tahanan, ngunit kung susundin ang ilang mga alituntunin, mapananatiling ligtas ang inyong tahanan.

And remember:

Tandaan:

- Never fill a pan more than one-third full of fat or oil.
Huwag maglagay ng mantika na higit sa ikatlong bahagi ng kawali.
- Never leave the pan unattended while cooking or frying
Huwag iwanan ang niluluto.

- Never put the food in the pan if the oil begins to give off smoke. Turn off the heat and leave the oil to cool, otherwise

Kung ang mantika ay umuusok, itigil muna ang pagluluto. Patayin ang apoy at hayaang lumamig muna ang mantika ito ay maaring pagmulan ng sunog.

- If the pan does catch fire:

Kung ang kawali ay lumiliyab:

- turn off the heat if it is safe to do so, but never, lean over the pan to reach the cooker controls.

kung maaari, patayin ang apoy, ngunit umiwas na sumandal sa malapit sa kawali.

- cover the pan with a damp cloth or damp towel and leave it to cool for at least 30 minutes - never throw water onto the fire.

takpan ang kawali ng basang basahan o tuwalya at hayaang lumamig ng mga 30 minuto. Iwasang buhusan ng tubig ang nag-aapoy na kawali.

If you are in any doubt about whether to try to put out a pan fire yourself then don't - leave the room, close the door and call the fire department.

Kung nag-aalangan kung paano papatayin ang apoy sa nasusunog sa kawali, huwag iwanan ang kusina, isara ang pinto at tumawag sa pinakamalapit na Fire Department.



Bedtime routine

Mga Dapat Ugaliin bago matulog.


Many fires in the home start at night. Make sure you have a bedtime fire safety routine to help keep you and your family safe.

Madalas ang sunog ay nangyayari sa gabi. Siguruhing magkaroon ng regular na pagtingin pagtsek sa loob tahanan bago matulog upang mapangalagaan ang inyong pamilya.

Here are a few simple things you should do every night:

Ito ang mga bagay na maaring gawin gabi-gabi bago matulog.

- Before emptying ashtrays, make sure that all cigarette butts are unlighted.
Bago itapon ang laman ng ashtray, siguruhing ang lahat ng laman ay patay na.
- Make sure that your electric stove or gas range is switched off.
Siguruhing naisarang mabuti ang electric stove o gas range.
- Put out all candles or gas/oil lamps.
Patayin ang mga kandila o gasera.
- Close the doors of all rooms.
Isara ang lahat ng pinto ng tahanan.
- Switch off and unplug all electrical appliances.
Isara at tanggalin sa saksakan ang lahat ng kagamitang de-kuryente.
- Make sure no cigarettes or pipes are still burning.
Never smoke in bed.
*Siguruhing napatay na ang iyong sigarilyo o pipa.
Iwasang manigarilyo sa higaan.*



Get a fire extinguisher or install smoke detectors
Maglagay ng fire extinguisher at smoke detectors.

A fire extinguisher can help smother small flames and give you time to call the fire department.
Ang fire extinguisher ay makakatulong sa pagpatay ng nagsisimulang apoy at upang makaroon ng sapat na panahon upang makatawag sa Fire Department bago lumaki ang apoy.



Smoke detectors wake people up before they are trapped or overcome smoke.

Ang Smoke Detector ay makatutulong upang magising ang mga tao bago pa sila makulong sa apoy.

Smoke detectors are needed outside each sleeping area or on each level including basement.

Ang Smoke Detector ay kailangang ilagay malapit sa silid tulugan o sa bawat palapag pati na sa basement.

II. Plan your escape route

Paghahanda ng inyong daan sa paglabas sa nasusunog na tahanan.

If a fire occurs in your home, you may have to get out in dark and difficult conditions. Escaping from a fire will be a lot easier if you have already planned your escape route and know where to go.

Kung may sunog sa inyong tahanan, hindi magiging madali ang paglabas dito. Ang paglabas sa nasusunog na tahanan ay magiging madali kung kayo ay mayroong paghahanda sa inyong daan sa paglabas.

Make sure that your planned escape route remains free of any obstructions and that there are no loose floor coverings that could trip you. Everyone in the house should be made aware of the escape route.

Siguruhing ang inihanda ninyong daan sa paglabas ay madaling marating at walang magiging sagabal sa paglabas dito. Dapat na ang lahat ng miyembro ng pamilya ay alam ang daan sa paglabas.

Plan two ways out of every room, especially bedrooms. Make sure you can unlock all locks and open all windows and doors quickly, even in the dark.

Maghanda ng dalawang paraan upang makalabas sa silid, lalung-lalo na sa silid-tulugan. Siguruhing madaling buksan ang pinto at bintana, kahit na madilim ang silid.

Make special arrangements for small children and people with disabilities.

Turuang maging handa ang lahat ng kapamilya lalung-lalo na ang mga bata at may kapansanan.



If you have serious mobility, you may wish to consider having your bedroom on the ground floor, if this is practical, and as near as possible to an exit.

Kung kayo ay may kabagalan sa pagkilos, makabubuting ilagay ang silid-tulugan sa baba ng bahay o malapit sa labasan ng bahay.

III. What to do if a fire starts?

Ano ang dapat gawin kung ang sunog ay nagsisimula na?

We all try to prevent fire starting in our home. But it only takes an unguarded or careless moment for a fire to start. A couple of minutes later and your home could be filled with smoke. Smoke and fumes can kill -particularly the highly poisonous smoke from some furnishings.

You will only have a short time to get out. Use it wisely and try not to panic.


Lahat tayo ay umiwas na magkasunog sa tahanan. Ngunit ang hindi pagbabantay at pag-iingat ang siyang nagiging dahilan ng sunog. Sa loob lamang ng ilang minuto ay maaring mapuno ng usok ang buong tahanan na maaaring makamatay, lalo na ang usok na nagmumula sa pintura. Maikli lamang ang panahon upang makalabas sa nasusunog na tahanan. Maging alisto at maging mahinahon.

If possible, close the door of the room where the fire is and close all doors behind you as you leave.

This will help delay the spread of fire and smoke

Kung maaari, isara ang pinto ng silid na nasusunog at isara lahat ng pinto na inyong daraanan habang lumalabas. Ito ay makatutulong upang mapabagal ang pagkalat ng apoy.





Before opening a closed door, use the back of your hand to touch it. Don't open it if it feels warm - since fire will be on the other side

Bago magbukas ng anumang pintuan, gamitin ang likod ng inyong kamay upang salatin ang pinto. Huwag bubuksan ang pinto kung ito ay mainit dahil maaaring may apoy na sa loob nito.

If the smoke is thick, drop to the floor and crawl toward safety. Use wet towel or cloth to cover your nose and mouth.

Kung makapal na ang usok, gumapang sa sahig palayo sa sunog. Takpan ang ilong at bibig ng basang tuwalya o damit.



Get everyone out as quickly as possible. Don't waste precious time saving valuables or possessions. Make your way out as safely as you can and try not to panic. It will help if you have planned your escape route rather than waiting until there is a fire.

Tiyaking makalabas ang lahat ng miyembro ng pamilya. Huwag nang mag-aksaya ng panahon para ilabas ang mga gamit sa loob ng tahanan. Maging maingat at mahinahon sa paglabas sa tahanan. Makabubuting planuhin ng maaga ang daan sa paglabas bago pa magkaroon ng sunog.

Never go back into the house until a fire officer has told you it is safe to do so.---

Huwag munang bumalik o pumasok sa loob ng tahanan hanggat hindi sinasabi ng Fire Officer na ito'y ligtas na.



IV. What to do if you are trapped in a fire?

Ano ang dapat gawin kung kayo ay nakulong sa loob ng nasusunog na tahanan?

Try to remain calm.

Maging mahinahon.

If you are unable to use the door because of flames or smoke, close the door and use towels or sheets to block any gasps. This will help stop smoke spreading into the room.

Kung hindi na makalabas dahil sa kalat na ang apoy at usok, isara ang pinto at gumamit ng tuwalya upang maiwasan ang paglaki ng apoy. Ito ay makakatulong upang mapahinto ang pagkalat ng usok.

Try to make your ways to the window.

Subukang dumaan sa bintana.

If the room becomes smoky, crawl along the floor where it's easier to breathe because smoke rises.

Kung ang silid ay napuno na ng usok, gumapang sa sahig papunta sa lugar na hindi pa gaanong mausok.

Attract attention of neighbors who can alert the fire brigade to arrive.

Humingi ng tulong sa kapitbahay upang tumawag sa Fire Department at hintayin ang pagdating ng mga bumbero.

If you are in immediate danger and your room is not too high from the ground, drop cushions or beddings to the ground below to break your fall from the window. If you can get out feet first and lower yourself to the full length of your arms before dropping.

Kung mapanganib na manatili sa loob ng tahanan at inyong silid ay hindi naman gaanong mataas, maghulog ng kutson sa ibaba na maaari mong talunan. Kung maaari, itaas ang dalawang kamay at tiyaking unahin ang mga paa sa pagtaon.



For further information, help and advice -

*Iba pang impormasyon,
tulong at payo.*

Your local government or your fire brigade
will be happy to advise you on fire
prevention and safety.

*Ang Local Government at Fire Brigade ay
nakahandang magbigay ng payo para sa
inyong kaligtasan sa sunog.*



Call **Emergency Hotline 117** or your local fire department at telephone number

*Tumawag sa **Emergency Hotline 117** o
inyong local na himpilan ng pamatay sunog
sa numerong*



BFP ORGANIZATIONAL STRUCTURE

